

Susi sa Karunungan at Kaunlaran

Ni Ana Katrina Y. Asuncion

Ang wikang Filipino ang ating pambansang wika. Ginagamt natin ito sa pang-araw-araw na pakikipag-usap sa ating mga kaibigan, kapamilya, o iba pang kakilala. Ito ang unang wika na itinuturo ng mga Pilipinong magulang sa kanilang mga anak. Mahalaga ito upang magkaintindihan at magkaunawaan tayong mga Pilipino. Sa panahon natin ngayon, naituturo at nagagamit pa nga ba natin na ng lubusan an gating sariling wika? Alam ba natin ang mga kahulugan ng mga malalaman na salitang ginamit noon nina Dr. Jose Rizal, Andres Bonifacio, at iba pang manunulat?

Magagamit natin ang wikang Filipino tungo sa intelektwalisasyon at modernisasyon. Maihahalitulan natin ang intelektwalisasyon sa pagkakaroon ng karunungan; karunungan at kaalaman sa ating wikang kinagisnan at ginamit. Kung ating pagsisikapan ang masususing pag-aaral at pag-iintindi sa wikang Filipino, malalaman at mabibigyang-kahulugan natin ang mga maahihirap na mga salita. Sa pamamagitan nito, sa tuwing magbabasa tayo ng mga nobela, tula, maikling kwento o iba pang kasali sa panitikang Pilipino na gumagamit ng mga salitang hindi natin karaniwang naririnig o ginagamit, maiintindihan natin nang maayos at tama ang paksang ipinapahayag sa bawat panitikan.

Ang modernisasyon naman ay maaring pakahulugan bilang kaunlaran. Ang bawat kaunlaran any nangangailangan ng pagkakaisa. Upang masabing nagkakaisa ang mga tao tungo sa inaasam na kaunlaran, kailangan maging isa ang kanilang hangarin; layunin, at ang kanilang diwa. Matatamo naman ang pagkakaisa kung ang lahat ay nagkaintindihan. Magkakaroon ng pagkakaisa ang mga Pilipino kung tayo'y magkakaunawaan sa tulong ng ating sariling wika. Kung wala ang wikang Filipino at hindi ito nagagamit ng maayos, paano tayo magkakaisa? Paano tayo uunlad?

Batay sa mga naunang pahayag, napakaalaga ng wikang Filipino. Ito a dapat nating pahalagahan at bigyang importansya. Gamitin at pag-aaralan natin ito nang mabuti at sa abot ng ating makakaya. Tandaan, ang wikang Filipino ang susi sa karunungan at kaunlaran.